

Tala: 1

Amniocentesis(includes abstract) Andrews J; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, January 2008; (patient education - procedure) CINAHL AN: 2010052425

Abstract: Ang pagtanggap ng kaunting amniotic fluid (tubig na nakapaligid sa lumalaking sanggol) mula sa matris

[View English](#)

Database: Consumer Health Information -- Tagalog

Amniocentesis


ng: Pamatnugutan at Mga Nag-ambag

[\[View English Version\]](#)

Pagkakabigkas: am-KNEE-o-sen-TEE-sis

Kahulugan

Ang pagtanggap ng kaunting amniotic fluid (tubig na nakapaligid sa lumalaking sanggol) mula sa matris

Amniocentesis

© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

Mga Sangkot na Bahagi ng Katawan

- Matris
- Amniotic sac

Mga Dahilan para sa Proseso

Kadalasang ginagawa ang amniocentesis para sa mga sumusunod na dahilan:

- Ang ina ay lampas 35 taong gulang (sa oras ng panganganak)
- Kasaysayan sa pamilya ng chromosome abnormality
- Kasaysayan sa pamilya ng mga namamanang karamdaman
- Kasaysayan sa pamilya ng neural tube defect (mga problema sa gulugod at paglaki ng utak gaya ng spina bifida o anencephaly)
- Upang malaman kung ganap nang nabuo ang mga baga ng sanggol
- Mga di-normal na resulta mula sa naunang pagsusuri sa dugo gaya ng maternal serum alpha-fetoprotein (AFP)

Pinalalaki sa laboratoryo ng 1-2 linggo ang mga selulang mula sa amniotic fluid. Sinusuri ang mga ito para sa alinman sa sumusunod, depende sa mga nagbibigay panganib sa iyo:

Chromosome Abnormalities

Ang pamantayang pagsusuri sa laboratoryong nakakatuklas sa 99% ng lahat ng chromosome abnormalities. Karaniwang nakukuha ang mga resulta sa loob ng 14 na araw.

Humahantong ang nawawala o sobrang chromosomes sa mga seryosong pisikal na depekto ng sanggol, mental retardation, o pareho. Ang pinaka-karaniwan ay Down syndrome, dulot ng sobrang #21 chromosome.

Namamanang Mga Sakit na Genetic

Mga halimbawa ay:

- Tay-Sachs disease —pinakamadalas sa populasyong Ashkenazi Jewish
- Cystic fibrosis —pinaka-karaniwan sa Caucasians na may northern European ancestry
- Sickle cell disease —pinakamadalas sa populasyong Black

Karaniwang nakukuha ang mga resulta ng pagsusuri sa namamanang mga sakit na genetic sa loob ng 1-5 linggo.

Mga Depekto sa Neural Tube

Sinusukat ng pamantayang pagsusuri ang isang protinang tinatawag na alpha-fetoprotein (AFP). Natutuklasan nito ang higit sa 99% ng lahat ng mga open neural tube defects. Nakukuha ang mga resulta sa loob ng isang linggo o mas maaga.

[Mga Panganib para sa mga Kumplikasyon sa Panahon ng Proseso](#)

- Labis na katabaan
- Nakaraang operasyon sa tiyan
- Naunang impeksiyon sa pelvic organs

[Anong Maaasahan](#)

Anesthesia

Sa bahaging apektado lamang (hindi sapilitan)

Paglalarawan sa Proseso

Ginagawa sa opisina ng doktor o klinika ng ospital. Karaniwang ginagawa kapag humigit-kumulang 16 linggo nang buntis ang isang babae.

Gagawa ang iyong doktor ng isang ultrasound scan (sonogram) upang piliin ang ligtas na bahagi kung saan ipapasok ang karayom. Lilinisin ang iyong tiyan, at ipapasok ang napakanipis na karayom sa iyong tiyan papunta sa iyong matris. Kinukuha ang ilang kutsaritang amniotic fluid.

Pagkatanggal ng karayom, titiyakin ng doktor na normal ang tibok ng puso ng sanggol. Sa karamihang kaso, gagamitin ang paglalarawang ultrasound sa buong proseso.

Gaano Katagal Ito?

Maaaring magtagal hanggang 20 minuto ang paghahanap sa sanggol at pagtusok ng karayom. Nagtatagal ng limang minuto ang pagkuha ng likido. Hihingin sa iyong manatili sa mesa nang 15 o 20 minuto pa upang magpahinga.

Masakit Ba?

Sinasabi ng ilang mga babae na lubusang hindi masakit ang proseso. Ang iba ay nakakaramdam ng pamumulikat kapag pumapasok ang karayom sa matris o pagdiin habang kinukuha ang likido.

Mga Posibleng Kumplikasyon

Ito ay isang karaniwang proseso. Kadalasang ligtas, ngunit mayroon ilang mga panganib:

- Pagkakakunan —Ang karaniwang panganib sa pagkakakunan ay mas mababa sa 1 sa 200. Ang maagang amniocentesis (bago 15 linggo) ay maaaring may mas mataas na panganib na mas mababa sa 1 sa 100.
- Pagdurugo, pamumulikat, at paglabas ng likido mula sa puwerta—Nangyayari sa humigit-kumulang 1% ng mga babaeng sumasailalim sa amniocentesis. Kadalasang hindi humahantong sa pagkakakunan. Kung mayroon ka ng mga sintomas na ito, tawagan ang iyong doktor.
- Impeksiyon—Bihirang-bihira. Ginagawa ang lubos na pag-iingat upang maiwasan ito.
- Pinsala sa sanggol—Napakababa ng panganib na matutusok ng karayom ang sanggol.
- Rh problems —Kung mayroon kang Rh-negative na tipo ng dugo, at ang ama ng bata ay may Rh-positive na dugo, dapat kang mainiksiyonan ng Rh immune globulin pagkatapos ng proseso. Tumutulong itong maiwasan ang Rh disease sa sanggol.
- Pag-uulit sa pagsusuri—Bihirang-bihira. Maaaring hindi makakuha ang doktor ng sapat na amniotic fluid, o hindi maisagawa ang pagsusuri sa laboratoryo sa ilang dahilan. Hindi ibig sabihin ng mga ito na may problema sa pagbubuntis, ngunit kailangang ulitin ang amniocentesis.

Kung magpapasuri ka o hindi ay depende sa iyong mga natatanging panganib, mga alalahanin, at kasaysayan sa pamilya.

Karaniwang Pananatili sa Ospital

Wala

Pag-aalaga Pagkatapos ng Operasyon

- Magpahinga nang 24 oras pagkatapos ng proseso
- Sa mga unang ilang oras, iwasan ang pagpapagod gaya ng pagbubuhat at matagalang pagtayo
- Maligo gaya sa karaniwan
- Walang nakakapagod na ehersisyo o pakikipagtalik nang 24 na oras

Resulta

Makukuha ang iyong mga resulta sa loob ng 10-14 na araw. Humigit-kumulang 95% ng mga babaeng sumasailalim sa amniocentesis ay magkakaroon ng normal na mga resulta. Walang pagsusuri bago ang panganganak ang makapagbibigay garantiya sa pagsisilang ng malusog na sanggol. Ang amniocentesis ay may katumpakan sa pagitan ng 99.4%-100% para sa pagtuklas sa chromosome abnormalities.

Tawagan Ang Iyong Doktor Kung Mangyayari Ang Alin Man sa Mga Sumusunod

- Mga sintomas ng impeksiyon, kasama na ang lagnat at labis na panlalamig
- Pagduduwal o pagsusuka
- Pananakit o pamumulikat sa ibabang bahagi ng tiyan o sa balikat
- Pagdurugo sa puwerta o pagkawala ng likido mula sa puwerta
- Pamumula, pamamaga, tumitinding pananakit, labis na pagdurugo, o paglabas ng likido mula sa

bahagi kung saan ginawa ang amniocentesis

- Bago, hindi maipaliwanag na mga sintomas

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

Pagkukunan: Consumer Health Information, EBSCO Publishing. January 2008

Numero ng Item: 2010052425